フィリピノ語版
Ｆｉｌｉｐｉｎｏ

Mga Patakaran para sa pamumuhay sa bansang Hapon

# 日本での生活ルール

（にほん　せいかつ）

Pulisya ng Prepektura ng Mie

三重県警察（みえけんけいさつ）

## まえがき

日本は法治国家です。生活上のいろいろなことが法令で定められ、禁止されていることも、たくさんあります。生活上のルールやしてはいけないことは、基本的にはどこの国でもほぼ同じであろうと思います。しかし、その国の文化や習慣などにより、いろいろなことで法令の定めが異なっています。外国から来た皆さんが、母国と日本との法令やルールの違いから、地域でのトラブルに巻き込まれないように、皆さんに知ってもらいたい基本的なこと、日本で守ってほしいことをまとめました。

日本の法令やルールは、このほかにもたくさんありますので、これからいろいろ学んでいただき、日本で快適な生活を送られることを願っています。

## Panimula

Ang bansang Hapon ay isang bansang Konstitusyunal. Maraming bagay tungkol sa pamumuhay ang mga ipinagbabawal at ipinapatupad ayon sa batas. Halos lahat ng bansa ay karaniwan ng magkakatulad ang mga patakaran at mga bagay na hindi nararapat gawin ng isang mamamayan. Subalit dahilan sa pagkakaiba ng kultura at gawi ay mayroon ding mga pagkakaiba sa mga batas at patakaran na ipinapatupad nito. Ginawang simple at maigsi ang pagpapaliwanag, ng mga nasabing kaibahan ng mga batas at patakaran para sa mga dayuhang mamamayan, upang maiwasan ang mga hindi pagkakaunawaan at maiawasang masangkot sa mga kaguluhan,

Ang mga bagay na nais naming ipaalam, na kinakailangang sundin at tuparin ng bawat dayuhang mamamayan

Aming hangarin na maging mapayapa at komportable ang inyong pamumuhay at paninirahan dito sa bansang Hapon. Hinihiling na basahin at pag-araling mabuti ang mga bagay na nakasaad sa aklat na ito.



もくじ

Ⅰ　法令で定められたルール ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 1
（1）　武器等の携帯
（2）　薬物の使用
（3）　窃盗等の行為
（4）　廃棄物の不法投棄
（5）　携帯電話の使用
（6）　その他の基本的なルール
（7）　営 業の許可

Ⅱ　少年の保護 ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 5
１　守られていること
（1）　身体の保護
（2）　飲酒
（3）　喫煙
（4）　仕事
（5）　風俗営業等
（6）　深夜はいかい
２　禁止されていること
（1）　飲酒
（2）　喫煙
（3）　遊技等

Ⅲ　自動車等を運転するには ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 7
（1）　国際運転免許証による運転
（2）　運転免許の取得
（3）　運転免許の更新
（4）　自動車のナンバープレート
（5）　自動車の車検
（6）　自動車損害賠償責任保険（強制保険）への加入
（7）　自動車の売買の際の名義変更
（8）　車庫の確保

Ⅳ　交通違反・交通事故 ・自転車の安全利用 ・・・・・・・・・・・・・・・・・・ １１
（1）　飲酒運転の禁止
（2）　シートベルト・チャイルドシートの着 用・使用
（3）　運 転 中の携帯電話等の使用禁止
（4）　歩行者の優先
（5）　交通事故の場合の措置
（6）　運転免許の停止処分等
（7）　自転車の安全利用

**Nilalaman :**


**I.Tungkol sa mga patakaran na ipinapatupad ng batas…………………** 2

(1) Pagdadala ng mga uri ng armas
(2) Paggamit sa ipinagbabawal na gamot
(3) Pagnanakaw
(4) Ilegal na pagtatapon ng basura
(5) Paggamit ng Cellphone
(6) Iba pang mga pangunahing patakaran
(7) Permiso sa pagnenegosyo

**II. Proteksiyon sa mga kabataan**.......................................................... 6

Ang katotohanan na sila ay iniingatan
Proteksiyon sa pisikal na pangangatawan
Pag-inom ng alak
Paninigarilyo
Pagtatrabaho
Mga trabaho na nakakaapekto sa moral ng kabataan
Paglilibot ng mga kabataan sa hating gabi
Mga bagay na ipinagbabawal
Pag-inom ng alak
Paninigarilyo
Paglalaro at libangan

**III. Mga patakaran sa pagmamaneho ng sasakyan**................................ 8

Pagmamaneho gamit ang lisensiyang Internasyunal
Pagkuha ng lisensiya sa pagmamaneho
Aplikasyon sa pagre-renew ng lisensiya
Plate Number ng behikulo o sasakyan
Opisyal na pagsusuri ng sasakyan (Maintenance)
Pagrehistro sa Liability Insurance ( Obligatory Insurance )
Paglipat sa pangalan ng pag-aari ng sasakyan sa oras ng Pagbili at Pagbenta
(8) Pagseguro ng paradahan sa biniling sasakyan

**IV. Mga paglabag sa mga regulasyon sa trapiko・**
**Aksidente・Tama at maingat na pagsakay sa bisikleta**......... １２

Mga batas na ipinagbabawal sa pagmamaneho ng lasing
Paggamit ng Child Seat at Seatbelt ng sasakyan
Pagbabawal sa paggamit ng Cellphone habang nagmamaneho
Pagbibigay ng prayoridad sa mga naglalakad
Mga nararapat gawin sa oras ng aksidente
Parusa sa pagkakakumpiska ng lisensiya sa pagmamaneho
Maingat na pagsakay sa bisikleta

Ｖ　日本に在留するために　…………………………………　１５
(1)　在留期間の更新、在留資格の変更
(2)　出生者の在留資格
(3)　資格外活動
(4)　再入国
(5)　みなし再入国
(6)　住居地の変更
(7)　氏名等の変更
(8)　所属機関等の変更
(9)　在留カードの再交付
(10)　旅券等の携帯、呈示義務



国際事犯相談電話の御案内　…………………………………　２１
三重県警察本部・各警察署の所在地及び電話番号　………………　２１

**V. Para sa Paninirahan sa Bansang Hapon** ...................................... １６

(1) Pagpapabago ng Panahon ng Pagtigil (o "Extension Permit") at Pagbabago ng Bisa (o "Status of Residence")
(2) Pagkuha ng Bisa ng Dayuhang Ipinanganak sa Hapon
(3) Mga Gawaing Hindi Sakop ng Bisa o Status of Residence
(4) Pagpasok na Muli sa Bansa (Re-entry)
(5) Sistema sa Re-entry o pagpasok na muli sa bansa
(6) Pagbabago sa tirahan o address
(7) Pagbabago ng Inyong Pangalan atbp
(8) Pagbabago ng Organisasyon
(9) Re-issue ng Residence Card
(10) Obligasyon sa Pagdadala at Pagpapakita ng Pasaporte atbp



**Patnubay sa konsultasyon na may kinalaman sa mga krimen o suliranin ng mga dayuhan**............................. ２２

**Punong Tanggapan ng Pulisya ng Prepektura ng Mie**........................ ２２

## Ⅰ　法令で定められたルール

日本では、法令に違反する行為をした場合、厳しく罰せられ、場合によっては、刑務所に入ることになったり、罰金を納めたりしなければならなくなります。日本は、世界で最も安全な国の一つですが、これは、国民の皆さんが法令を守っていることと、法令違反があった場合、警察が厳しく取締りを行うからです。

日本では、次の行為は、法令で禁止され、又はこれを怠ると処罰される行為ですので、注意が必要です。

### (1)　武器等の携帯



- 法定の除外事由に該当する場合を除いては、銃砲又は刀剣類を所持してはならない。
- 銃砲又は刀剣類を所持しようとする場合は、許可を受けなければならない。
- 業務その他正当な理由による場合を除いては、一定の長さをこえる刃物を携帯してはならない。
- 正当な理由がないのに人の生命、身体に危害を加えるのに使用される刃物、鉄棒等を隠して携帯してはならない。
- 正当な理由がないのに他人の邸宅、建物に侵入するのに使用される合かぎ、のみ等を隠して携帯してはならない。
- 正当な理由がないのに、ドライバーやバール等を隠して携帯してはならない。



### (2)　薬物の使用

- 覚せい剤、麻薬等は、使用、所持、譲渡等、あらゆるかかわりが処罰の対象となる。
- シンナー、接着剤等を吸入したり、その目的で所持したりしてはならない。

### (3)　窃盗等の行為

- 他人の家の軒下等に置かれている物を断りなく持ち帰ってはならない。
- 捨てられているように見える自転車でも、無断で持ち帰ってはならない。
- 盗んできた物と知っていて、物を貰ったり、売り買いをしてはならない。

# I. Tungkol sa mga patakaran na ipinapatupad ng batas

Mahigpit na pinaparusahan sa bansang Hapon ang mga taong napatunayang lumabag sa batas, at ito rin ay maaaring makulong o magmulta, ayon sa bigat ng kanyang pagkakasala. Tulad ng pagkaka-alam ng marami ang bansang Hapon ay isa sa mga bansang tahimik at ligtas, ito ay dahil sa pagsunod ng mga mamamayan sa mga batas at pagdakip ng pulisya sa mga taong napatunayang lumabag sa batas.
Hinihiling na mag-ingat sa mga bagay na ipinagbabawal ng batas, ang hindi pagsunod sa mga ito ay nangangahulugan ng kaparusahan.

## (1) Pagdadala ng mga uri ng armas



- Maliban sa mga pangyayari o kasong legal na pinahihintulutan ng batas ay hindi maaaring magdala o magbitbit ng anumang uri ng armas katulad ng baril, patalim at iba pa
- Kinakailangang kumuha ng lisensiya para sa mga nasabing armas ang taong kinakailangang gumamit ng mga ito.
- Maliban sa mga kadahilanan na ang nasabing armas o patalim ay gagamitin sa paghahanapbuhay at iba pang legal na dahilan, ay hindi maaaring magdala ng anumang patalim ang isang tao, na ang haba ay higit pa sa pamantayang itinakda ukol dito.
- Hindi maaaring magdala o magtago ng baril at patalim ang isang tao na gagamitin upang maging sanhi ng pagkitil sa buhay ng tao, at pananakit ng walang sapat na dahilan.
- Hindi maaaring magdala ng gamit sa trabaho katulad ng pait at spare key na ang hangarin ay pumasok sa bahay ng ibang tao at gusali ng walang sapat at legal na dahilan.
- Hindi maaaring magdala ng mga gamit katulad ng Screw driver at bar ng walang sapat at legal na dahilan.



## (2) Paggamit sa ipinagbabawal na gamot

- Paparusahan ang taong napatunayan na may kaugnayan sa paggamit, pag-aari at gawain na may kinalaman sa negosasyon sa mga ipinagbabawal na gamot, katulad ng narcotics, stimulants at iba pa.
- Ipinagbabawal ang paggamit ng thinner, rugby at adhesives na may addictive agents na ang hangarin ay singhutin ito bilang isang uri ng ipinagbabawal na gamot.

## (3) Pagnanakaw

- Hindi maaaring iuwi ng walang pahintulot ang isang bagay na nasa pag-aari ng bahay ng ibang tao.
- Hindi maaaring iuwi ang bisikleta ng walang pasabi kahit na ito ay alam na itinapon na sa tapunan.
- Hindi maaaring hingin at bilhin ang isang bagay na alam na ito ay isang bagay na ninakaw.

## (4) 廃棄物の不法投棄




- みだりに廃棄物を捨ててはならない。地域のルールに従って捨てなければならない。
- 法令で定められている場合を除いて、廃棄物を燃やしてはならない。

## (5) 携帯電話の使用

- 携帯電話の契約時に氏名、住居及び生年月日について虚偽の申告をしてはならない。
- 携帯電話事業者に無断で、自己名義の携帯電話を他人に譲渡してはならない。
- 他人名義の携帯電話を譲渡したり、譲り受けたりしてはならない。

## (6) その他の基本的なルール

- 相当な注意をしないで、建物、森林等燃えるような物の付近で火をたいたり、引火しやすい物の付近で火気を用いたりしてはならない。
- 公務員の制止をきかずに、人声、音楽などの音を異常に大きく出して近隣に迷惑をかけてはならない。
- 正当な理由がないのに、人の住居、浴場、便所など他人が通常衣服をつけないでいるような場所をひそかにのぞき見てはならない。
- 街路、公園、その他公衆の集合する場所で、たんつばを吐いたり大小便をしたり、若しくはさせたりしてはならない。
- 相手から拒まれているにもかかわらず、いつまでもつきまとうなどのストーカー行為をした者は罰せられることがある。
- 配偶者（いわゆる「内縁関係」も含む。）や子どもに対してでも、「身体に対する暴力」、「心身に有害な影響を及ぼす言動」をした場合、罰せられることがある。
- 売春をしたり、又はその相手方となったりしてはならない。
- 遺失物を拾得した者は、速やかに遺失者等にその物件を返還するか、又は警察署（交番及び駐在所を含む。）に差し出さなければならない。



## (7) 営業の許可

- 一般廃棄物及び産業廃棄物の処理を業として行おうとする者は、許可を受けなければならない。
- 中古の自動車、機械工具、宝石類等の売買又は交換する営業を営もうとする者は、許可を受けなければならない。

## (4) Ilegal na pagtatapon ng basura

・ Kinakailangang sundin ang mga patakaran sa pagtatapon ng basura sa lugar na tinitirhan. Ipinagbabawal din ang pagtapon ng basura ng wala sa lugar.

・ Hindi maaaring magsunog ng basura maliban sa mga dahilan na pinahihintulutan ng batas.




## (5) Paggamit ng Cellphone

・ Hindi maaaring magsulat ng kasungalingan tungkol sa sariling pangalan, lugar ng tirahan, at araw ng kapanganakan sa pagrerehistro sa biniling Cellphone.

・ Hindi maaaring ilipat o ibigay sa ibang tao ang Cellphone na nakapangalan sa sarili na hindi ipinapaalam sa pinagbilhan o Cellphone company.

・ Hindi maaaring ilipat sa ibang tao ang Cellphone na nakapangalan sa iba, at hindi rin maaaring hingin o tanggapin ito na nakapangalan pa sa iba.

## (6) Iba pang mga pangunahing patakaran

・ Hindi maaaring magsindi ng apoy ng walang pag-iingat sa mga lugar na malapit sa kahuyan at tabi ng gusali, at sa mga lugar na malapit sa mga bagay na madaling masunog.

・ Hindi maaaring ipagwalang bahala ang pagpuna at paalala ng tauhan ng gobyerno sa mga gawaing nakakaabala at nakakaapekto sa mga taong nakatira sa lugar at mga tao sa paligid, katulad ng pagsigaw ng malakas ng walang sapat na dahilan, malakas na pagpapatugtog ng musika.

・ Hindi maaaring manilip sa bahay ng ibang tao, banyo at palikuran at mga lugar na hindi nakasuot ng sapat na pananamit ang mga tao katulad ng beach, swimming pools at onsen ng walang sapat na dahilan.



・ Hindi maaaring dumura, dumura ng plema , dumumi at umihi (padumihin at paihiin ang tao) sa kalsada, publikong lugar katulad ng palaruan, plaza, at mga lugar kung saan nag-iipon ang maraming tao.

・ Maaaring maparusahan ang tao na patuloy na sumusubaybay at gumagawa ng mga bagay na may kaugnayan sa “Stalking” (Stalker) sa isang tao, sa kabila ng pagtanggi at pag-iwas nito.

・ Maaaring maparusahan ang isang asawa o kinakasama na nagdudulot ng pisikal at emosyonal na pinsala sa asawa o kinakasama nito. Kasama na rin dito ang paggamit ng mga salitang may matinding epekto sa emosyon at damdamin ng tao.

・ Hindi maaaring magsagawa ng mga gawaing may kaugnayan sa prostitusyon o maging isang partner ng taong nagsasagawa ng prostitusyon

・ Kinakailangang ibalik sa nagmamay-ari ang bagay na napulot o iulat sa pinakamalapit na istasyon ng pulis.

## (7) Permiso sa pagnenegosyo

・ Kinakailangang kumuha ng permiso ang taong magnenegosyo tungkol sa mga basura at basurang nanggaling sa mga kompanya( Industrial Waste ).

・ Kinakailangang kumuha ng permiso ang taong nagbabalak magnegosyo sa Buy and Sell ng mga segunda manong mga makinarya, alahas at mga sasakyan.

## Ⅱ　少年の保護

少年は、いろいろな法令で守られていますが、反対に禁止されていることもたくさんあります。

### １　守られていること

#### (1)　身体の保護

・　何人も１８歳未満の者に対して、いん行又はわいせつな行為をしてはならない。

#### (2)　飲酒

・　父母等の親権者等は、２０歳未満の者の飲酒を制止しなければならない。
・　営業者は、２０歳未満の者に酒類を販売してはならない。

#### (3)　喫煙

・　父母等の親権者等は、２０歳未満の者の喫煙を制止しなければならない。
・　営業者は、２０歳未満の者にタバコや喫煙器具を販売してはならない。

#### (4)　仕事

・　使用者は、特定の場合を除いて、１５歳未満の者及び満１５歳に達した者でもその達した日以後の最初の３月３１日が修了していない者を使用してはならない。
・　使用者は、１８歳未満の者を危険な仕事や、特定の場合を除いて深夜の仕事に就かせてはならない。




#### (5)　風俗営業等

・　風俗営業を営む者は、１８歳未満の者に客の接待をさせたり、客に接する業務に従事させたりしてはならない。
・　風俗営業を営む者は、１８歳未満の者を客として、営業所内に立ち入らせてはならない。

#### (6)　深夜はいかい

・　保護者は、１８歳未満の者を午後１０時から翌午前５時までの間、みだりに外出させないようにしなければならない。

## II. Proteksiyon sa mga kabataan

Maraming mga batas at patakaran upang maprotektahan at ingatan ang mga kabataan. Subalit marami rin ang mga bagay na ipinagbabawal.

### 1. Ang katotohanan na sila ay iniingatan

#### (1) Proteksiyon sa pisikal na pangangatawan

・ Hindi maaaring gawan ng mga gawaing imoral ang kahit na sinong kabataan nasa edad 18 taon gulang pababa.

#### (2) Pag-inom ng alak

・ Kinakailangang pigilin sa pag-inom ng alak ng magulang o taong may autoridad na huwag uminom ang kabataan na nasa edad 20 tong gulang pababa.

・ Sa mga tindahan ng alak, ay hindi nararapat magbili ng alak sa mga kabataan nasa edad 20 taong gulang pababa.

#### (3) Paninigarilyo

・ Kinakailangang pigilin sa paninigarilyo ng magulang o taong may autoridad ang isang kabataan na nasa edad 20 taong gulang pababa.

・ Ipinagbabawal sa mga tindahan ng sigarilyo at iba pang uri nito ang pagbebenta sa kabataan na nasa edad 20 taong gulang pababa.

#### (4) Pagtatrabaho

・ Maliban sa partikular na dahilan ay hindi maaaring pagtrabahuhin ang mga kabataan na nasa edad 15 taong gulang pababa. 15 taong gulang hanggat hindi pa lumilipas ang ika 31 ng Marso ng siya ay nag labing 15 taon.

・ Hindi maaaring pagtrabahuhin ng nagpapatrabaho ang isang kabataan ng isang mapa-nganib na trabaho. Maliban sa partikular na dahilan ay hindi rin nararapat na ito ay italaga sa night shift.

#### (5) Mga trabaho na nakakaapekto sa moral ng kabataan

・ Hindi maaaring pagtrabahuhin ang kabataan na nasa edad 18 taong gulang pababa, at mga gawaing mag-asikaso o mag-entertain ng mga customer sa prostitution house.

・ Hindi maaring papasukin bilang customer ang isang kabataan nasa edad 18 taong gulang pababa.

#### (6) Paglilibot ng mga kabataan sa hating gabi

・ Kinakailangang pigilin sa paggala mula alas 10:00 ng gabi hanggang alas 5:00 ng umaga ng magulang ang kabataang nasa 18 taong gulang pababa, at huwag ding hayaan ang panay na paglabas ng pamamahay sa gabi.



## ２　禁止されていること




### (1)　飲酒

・　２０歳未満の者は、酒を飲んではいけない。

### (2)　喫煙

・　２０歳未満の者は、タバコを吸ってはいけない。

### (3)　遊技等

・　１８歳未満の者は、パチンコ店等の風俗営業所に客として立ち入ってはいけない。

# Ⅲ　自動車等を運転するには

### (1)　国際運転免許証による運転

・　中国等のジュネーブ条約に加盟していない国が発給した国際運転免許証を持っていても、日本ではバイクや自動車を運転することはできない。



### (2)　運転免許の取得

・　道路でバイクや自動車を運転するには、その車種に応じた運転免許を取得しなくてはならない。

・　日本の運転免許を取得する方法は、

①　外国の運転免許を持っている方は、試験を受けて外国の運転免許から日本の運転免許に切り替えることができる。（学科試験は、中国語等９か国語の問題がある。）

②　外国の運転免許を持っていない方は、日本の運転免許試験を受けて取得することができる。（日本語、英語又は、ポルトガル語による試験）

### (3)　運転免許の更新

・　日本の運転免許は、３年から５年ごとに更新しなくてはならない。更新の期日は運転免許証に記載されている。

| |
|---|
| 運転免許の問い合わせ先<br>　運転免許センター　電話番号　０５９－２２９－１２１２ |

## 2. Mga bagay na ipinagbabawal



### (1) Pag-inom ng alak

・ Ipinagbabawal ang pag-inom ng alak sa kabataang nasa 20 taong gulang pababa.

### (2) Paninigarilyo

・ Ipinagbabawal ang paninigarilyo sa kabataang nasa 20 taong gulang pababa.

### (3) Paglalaro at libangan

・ Ipinagbabawal ang pagpasok sa mga pasugalan katulad ng pachinko parlor sa kabataang nasa edad 18 taong gulang pababa, bilang customer.

# III. Mga patakaran sa pagmamaneho ng sasakyan

### (1) Pagmamaneho gamit ang lisensiyang internasyunal (Int'l Drivers License)

・ Ang mga bansang katulad ng China na hindi nakarehistro sa Jeneva Treaty ay hindi pinapahintulutang magmaneho ng anumang uri ng sasakyan katulad ng motorsiklo, kahit pa ang dayuhan ay may hawak na lisensiyang internasyunal.



### (2) Pagkuha ng lisensiya sa pagmamaneho

・ Kinakailangang kumuha ng lisensiya ang isang dayuhan na nagnanais magmaneho ng motorsiklo at iba pang uri ng sasakyan.

・ Paraan ng pagkuha ng lisensiya sa pagmamaneho.

① Maaaring mag-apply para mapalitan ng Japanese Drivers License ang hawak na lisensiya. Kumuha ng test, may 9 na lengguwahe katulad ng Chinese.

② Para sa mga nagnanais magmaneho na walang hawak na lisensiyang internasyunal ay maaaring kumuha ng test sa salitang Hapon, English, Portuguese.

### (3) Aplikasyon sa pagre-renew ng lisensiya

・ Ang aplikasyon para sa pagre-renew ng lisensiya ay tuwing ika 3 at ika 5 taon mula ng matanggap ang lisensiya. Nakasaad sa inyong lisensiya ang araw ng pagkawala ng bisa nito o expiration date.

| |
|---|
| Lugar at impormasyon tungkol sa lisensiya sa pagmamaneho:<br>Driver's License Center : Telephone Number: 059 - 229 - 1212 |

### (4)　自動車のナンバープレート

- 自動車に対し、他の自動車のナンバープレートを取り付けたり、偽造したナンバープレートを取り付けて使用した場合は、法により罰せられる。

### (5)　自動車の車検

- 日本には車検制度があり、排気量２５０ccを超えるバイクと自動車については、定期的（自家用自動車を新車で購入する場合は、初回が３年、それ以降は２年に一度）（貨物自動車を新車で購入する場合は、初回が２年、それ以降は１年に一度）（軽四貨物は　２年に一度））
に点検整備を受け、検査に合格しなければ使用することができない。

### (6)　自動車損害賠償責任保険（強制保険）への加入

バイク（原付自転車を含む）や自動車は、自動車損害賠償責任保険（強制保険）に加入せずに使用してはならない。自動車損害賠償責任保険（強制保険）に加入しないでバイク（原付自転車を含む）や自動車を運転した場合は、法により罰せられる。

### (7)　自動車の売買の際の名義変更

- 自動車を購入したり売却したりしたときは、必ずその自動車の名義を変更しなければならない。

### (8)　車庫の確保

- 道路を車庫（駐車場）とすることはできない。
- 自動車の購入・登録に際してはオートバイ等を除き、ほとんどの自動車が車庫証明（駐車場の届出）が必要になる。

自動車の車検、名義変更の問い合わせ先
中部運輸局三重運輸支局
電話番号　０５０－５５４０－２０５５
音声案内が流れます
０２６を押すと受付につながります

### (4) Plate Number ng behikulo o sasakyan

・ Mapaparusahan ang taong napatunayan na gumamit ng plate number ng ibang sasakyan, binago ang plate number ng sasakyan ng ibang tao at gumamit ng huwad na plate number.

### (5) Opisyal na pagsusuri ng sasakyan(Shaken o Maintenance)

・ Sa bansang Hapon ay may sistema ng opisyal na pagsusuri ng sasakyan (Shaken o Maintenance).

Para sa mga sasakyan at motorsiklo na mahigit sa 250cc ang laki ng engine ay kinakailangan ang regular na pagsusuri.(Para naman sa Family car na binili ng bago ay sa ika 3 taon matapos bilhin ito. Ang susunod na pagsusuri ay minsan sa 2 taon.) (Para naman sa mga sasakyang ginagamit na pangkarga na binili ng bago ay sa ika 2 taon matapos bilhin, ang susunod na pagsusuri ay minsan sa 1 taon.)(Para sa mga Light Vehicle na pangkarga ay minsan sa 2 taon)

Hinihiling na ipasuri ang sasakyan at kinakailangan na ito ay makapasa sa gagawing pagsusuri bago gamitin.

Sa araw ng pagsusuri ay hinihiling na magparehistro para sa Seguro para sa Pananagutan (Liability Insurance) (Seguro sa O bligasyon)(Obligatory Insurance)

### (6) Pagrehistro sa Liability Insurance ( Obligatory Insurance )

・ Hindi maaaring gamitin ang sasakyan o motorsiklo ng taong hindi nakapasok sa Automobile Liability Insurance ( Obligatory Insurance ). Mapaparusahan ang taong nagmaneho ng motorsiklo at behikulo ayon sa batas kung siya ay nagmaneho ng hindi nakarehistro sa nasabing mga seguro.

### (7) Paglipat sa pangalan ng pag-aari ng sasakyan sa oras ng Pagbili at Pagbenta

・ Siguruhin na ilipat sa sariling pangalan ang sasakyan sa oras ng pagbili at ilipat sa bibili ang pangalan sa oras ng pagbebenta nito.

### (8) Pagseguro ng paradahan sa biniling sasakyan

・ Hindi maaaring iparada ang biniling sasakyan sa kalye o daanan.

・ Maliban sa motorsiklo, halos lahat ng sasakyan ay kailangan ang Parking Certificate sa oras ng pagbili at pagrerehistro nito.

Para sa mga impormasyon tungkol sa Maintenance at paglilipat ng pangalan.
Chubu Department of Transportation Mie Branch :
TEL.No. 050 - 5540 - 2055 May maririnig na guidance
Pindutin ang 026 para ma-i- connect sa reception desk.

## Ⅳ　交通違反・交通事故・自転車の安全利用

日本では、交通事故を起こし、相手を死傷させた場合、責任の度合によって厳しく処罰されます。また、交通違反も、厳しく取り締まっていますから、交通ルールを必ず守ってください。

### (1)　飲酒運転の禁止

・　少量のお酒であっても飲んだときは、絶対にバイクや自動車を運転してはならない。（自転車についてもお酒を飲んだときは、運転してはならない。）

・　自動車を運転することが分かっていて運転手にお酒を飲ませたり、飲酒運転することをそそのかしたり、飲酒運転の自動車に同乗してはならない。

### (2)　シートベルト・チャイルドシートの着用・使用



・　自動車に乗ったら、シートベルトを着用しなければならない。

・　幼児（６歳未満）を自動車に乗せるときは、子どもの体格に合ったチャイルドシートを使用させる。

### (3)　運転中の携帯電話等の使用禁止

・　自動車やバイクを運転中は、携帯電話を使用したり、カーナビゲーションなどを注視したりしてはならない。

### (4)　歩行者の優先



・　歩行者が優先されるので、歩行者を妨害するような方法で運転してはならない。

### (5)　交通事故の場合の措置

・　すぐに運転を中止し、他の交通の妨害とならないように車を止めなければならない。

・　けが人がいる場合は、消防署（１１９番）に電話し、救急車を依頼する。救急車が到着するまでの間、できる限りけが人の応急手当てをする。

・　警察（１１０番）に電話し、事故を起こした時間、場所、けが人の数、けがの程度を報告し、指示を受ける。



・　自分にけががなければ、警察官が到着するまで事故現場を離れない。

・　事故を起こしたときは、けががなくても、必ず、警察に通報し、指示を受ける。

・　事故を起こしたにもかかわらず、警察への通報をしなかったり、けが人がいるのに救急車を呼ぶなど救護措置を怠った場合は、重い処罰を受けることになる。

## IV. Mga paglabag sa mga regulasyon sa trapiko・ Aksidente・Tama at maingat na pagsakay sa bisikleta

Mahigpit na pinaparusahan sa bansang Hapon ang taong nakaaksidente, kung nahantong sa pagkamatay ang taong biktima ng aksidente depende sa responsibilidad ng bawat partido. Mahigpit din ang ginagawang panghuhuli sa mga taong lumalabag sa batas trapiko. Mahalagang sundin ang mga batas tungkol dito.

### (1) Mga batas na ipinagbabawal sa pagmamaneho ng lasing

・ Hindi maaaring magmaneho ng motorsiklo at anumang uri ng sasakyan kahit kaunti lang ang nainom. (Hindi rin maaaring sumakay sa bisikleta ang taong nakainom)

・ Hindi maaaring painumin o tuksuhin para uminom ng alak ang taong alam na magmamaneho. Hindi rin maaaring umangkas o makisakay sa sasakyan ng taong magmamaneho kung ito ay nakainom o lasing.

### (2) Paggamit ng Child Seat at Seatbelt ng sasakyan

・ Kinakailangang gamitin ang seatbelt sa pagsakay sa sasakyan.

・ Nararapat na paupuin ang batang nasa 6 na taong gulang pababa sa Childseat na nararapat sa kanyang laki.

### (3) Pagbabawal sa paggamit ng Cellphone habang nagmamaneho

・ Hindi maaaring gamitin ang Cellphone o tingnan ang Navigation System habang nagmamaneho ng sasakyan o motorsiklo。

### (4) Pagbibigay ng prayoridad sa mga naglalakad

・ Hindi maaaring magmaneho na maaaring maging sagabal sa daanan ng mga naglalakad., kinakailangan na sila ay paunahin sa pagtawid.

### (5) Mga nararapat gawin sa oras ng aksidente

・ Kinakailangang itigil ang pagmamaneho sa sasakyan at iparada sa lugar na hindi nakaka-abala sa ibang trapiko.

・ Kinakailangan na tumawag kaagad sa(No.119) Fire Station at hilingin na magpadala ng ambulansiya. Kinakailangan na magsagawa ng pang-unang lunas (First Aid) habang naghihintay sa pagdating ng ambulansiya kung may taong nasugatan.

・ Tumawag ng pulisya ( No. 110 ). Ipaalam ang oras, lugar at bilang ng mga nasugatan. Kinakailangan ding ipaalam ang lagay ng taong nasugatan, at sundin ang payo ng pulis kung ano ang nararapat gawin.

・ Huwag lumayo sa lugar na pinangyarihan ng aksidente habang hinihintay ang pagdating ng pulis kung walang pinsalang pisikal sa taong nakaaksidente.

・ Kinakailangan ding iulat ang nangyaring aksidente kahit na walang nasugatan at sundin ang direksiyon na ibibigay habang hinihintay ang pagdating ng pulis.

・ Maaatangan ng mabigat na parusa ang taong nakaaksidente na hindi iniulat sa pulisya ang pangyayari o alam na may nasugatan ngunit hindi ito tinulungan upang mabigyan ng pang-unang lunas.

## (6)　運転免許の停止処分等

- 交通違反をした場合や交通事故を起こした場合は、一定期間運転免許の効力を停止する処分や運転免許を取り消す処分を受ける場合がある。

## (7)　自転車の安全利用

- 自転車は、車道が原則、歩道は例外
  歩道と車道の区別のあるところは車道通行が原則
  - ○　標識により歩道を通行してもよいところは、歩道を通行できる。
  - ○　高齢者や児童・幼児が運転する場合は、歩道を通行できる。
- 車道は左側を通行
  自転車は、道路の左端に寄って通行しなければならない。
- 歩道は歩行者優先で、車道よりを徐行
  歩道では、すぐに停止できる速度で、歩行者の通行を妨げる場合は一時停止しなければならない。
- 安全ルールを守る
  - ○　飲酒・二人乗り・並進・傘差し運転をしてはならない。
  - ○　夜間はライトを点灯する。
  - ○　交差点では信号を守り、一時停止と安全確認をする。
  - ○　むやみにベルを鳴らさない
  - ○　携帯電話やヘッドフォンを使用して運転をしてはならない。
- 子どもはヘルメットを着用
  児童・幼児の保護責任者は、児童・幼児に乗車用ヘルメットをかぶらせるようにする。

## (6) Parusa sa pagkakakumpiska ng lisensiya sa pagmamaneho

・ Ang lisensiya sa pagmamaneho ay maaaring pansamantalang bawiin at mapawalan ng bisa, o tuluyang bawiin ng autoridad kapag ang isang dayuhan ay napatunayang lumabag sa batas trapiko at nakaaksidente.

## (7) Maingat na pagsakay sa bisikleta

・ Ang daanan para sa mga sasakyan ang tamang daanan ng mga bisikleta bilang patakaran sa trapiko at hindi ang sidewalk. Kung may signboard na nagsasaad ng kaibahan ng carlane at sidewalk ay nararapat na sa carlane ang bisikleta.

○ Kung may sign na maaaring dumaan sa sidewalk ang bisikleta ay maari itong dumaan.

○ Ang mga matatanda at bata na nakabisikleta ay sa sidewalk kinakailangang dumaan.

・ Sa kaliwa ang tamang daanan ng mga sasakyan.

Kinakailangan sa kaliwang bahagi ng kalsada dumaan ang mga sasakyan.

・ Ang tawiran ay para sa mga naglalakad, kailangan bagalan ang pagpapatakbo.

. Sapat upang tumigil kung kinakailangang tumigil.

・ Sundin ang mga patakaran para sa kaligtasan

○ Hindi maaaring sumakay ng lasing・mag-angkas・sumakay ng nakahilera ng pahalang sa daan・at nakapayong

○ Buksan ang ilaw ng bisikleta sa gabi

○ Tumigil at tingnang mabuti ang magkabilang daan sa may intersection at traffic light o stop light.

○ Hindi maaaring panay na patunugin ang bell ng bisikleta.

○ Hindi maaaring gamitin ang Cellphone at makinig sa musika gamit ang headphone.

・ Pag suutin ng helmet ang bata.

Kailangang pasuutin ng magulang o tagapag-alaga ang bata ng helmet kung isasakay at sasakay sa bisikleta.

## Ⅴ　日本に在留するために

外国人が日本に在留するときは、在留資格と在留期間が定められ、在留資格に応じた活動を行うことができ、また、在留期間の範囲で日本に在留することができます。特に、在留期間を超えて在留するときなどは、在留期間の更新、在留資格の変更の手続きを忘れないようにしましょう。

なお、新たな在留管理制度の導入（平成２４年７月９日）に伴い外国人登録制度が廃止され、住居地、氏名、所属機関等に変更が生じた場合の手続きなどが変更されております。

分からないときは下記の問い合わせ先に確認してください。




### (1) 在留期間の更新、在留資格の変更

在留期間を超えて日本に滞在しようとするとき、または在留資格を変更しようとするときは、地方入国管理局において在留期間の更新、または在留資格の変更許可申請をしてください。

### (2) 出生者の在留資格

日本で生まれた子供を引き続き日本に滞在させたいときは、子供が生まれた日から３０日以内に地方入国管理局において在留資格取得許可申請をしてください。

### (3) 資格外活動

留学、家族滞在など、原則として働くことが認められない在留資格を持つ人が、アルバイトなどの就労活動をするときは、地方入国管理局において資格外活動の許可申請をしてください。

### (4) 再入国

在留期間内に一時出国して、同じ在留目的で再び日本に入国しようとするときは、地方入国管理局において再入国許可を受けることができます。

### (5) みなし再入国

有効な旅券及び在留カードを所持する外国人が出国後１年以内に再入国する場合は、原則として再入国許可を受ける必要はありません（ただし、この有効期間を海外で延長することはできませんので、１年以内に再入国しないと在留資格が失われることになります）。

## Ⅴ Para sa Paninirahan sa Bansang Hapon

Ang isang dayuhan na nagnanais manirahan sa bansa ay kinakailangang sundin ang mga patakaran sa kanyang bisa o “status of residence” at ang panahon ng pagtigil o “period of stay” na itinakda. Maaari siyang gumawa ng mga aktibidades na pinahihintulutan ayon sa kanyang bisa, at maaaring tumigil sa bansa ayon sa panahon na itinakda sa kanyang panahon ng pagtigil o “period of stay.” Kayo’y dapat humingi ng permiso sa pagpapabago ng “extension permit” at “status of residence” kung nagnanais tumigil ng bansa ng higit sa itinakdang panahon ng pagtigil.

Gayundin, mawawala ang “Alien Registration System” dahil ipapatupad sa ika-9 ng Hulyo, 2012 ang bagong sistema para sa residence management. Kaya’t magkakaroon din ng pagbabago sa pamamaraan kung may pagbabago sa inyong tirahan, pangalan o organisasyong pinagtatrabahuhan

Maaaring makipag-ugnayan sa nasa ibaba para sa mga katanungan.

### (1) Pagpapabago ng Panahon ng Pagtigil (o “Extension Permit”) at Pagbabago ng Bisa (o “Status of Residence”)

Kinakailangan ang aplikasyon para kumuha ng permiso sa regional Immigration Bureau ang isang dayuhang nagnanais tumigil ng bansa ng higit pa sa itinakdang panahon ng pagtigil o magpabago ng bisa o “status of residence”.

### (2) Pagkuha ng Bisa ng Dayuhang Ipinanganak sa Hapon




Kinakailangan ang aplikasyon ng isang dayuhang naipanganak sa bansa para sa Status of Residence sa opisina ng Imigrasyon pang rehiyonal, sa loob ng 30 araw pagkasilang.

### (3) Mga Gawaing Hindi Sakop ng Bisa o Status of Residence

Bilang patakaran ay hindi pinapayagang magtrabaho ang dayuhang may “college student visa” at “dependent visa.” Hindi ito pinapahintulutang magtrabaho bilang isang karaniwang manggagawa kung walang permiso kaya’t kailanggan ang aplikasyon para sa permiso sa opisina ng Imigrasyon pang rehiyonal (Regional Immigration Office).

### (4) Pagpasok na Muli sa Bansa (Re-entry)

Maaaring tanggapin ang permiso upang makapasok na muli sa bansa (o “re-entry permit”) ang isang dayuhang pansamantalang uuwi sa sariling bansa at babalik gamit ang parehong bisa sa pagpasok na muli sa bansa sa loob ng panahon ng pagtigil (o “period of stay”) na itinakda. Maaaring gawin ang aplikasyon sa opisina ng Imigrasyon pang rehiyonal.

### (5) Sistema sa Re-entry o pagpasok na muli sa bansa

Kung ang isang dayuhan ay aalis ng bansang Hapon at babalik sa loob ng isang taon, bilang patakaran, hindi na kailangan ang “re-entry permit.” (Subalit mawawala ang inyong bisa kung hindi kayo babalik sa bansa sa loob ng isang taon dahil hindi maaaring i-extend ang valid date ng re-entry permit sa ibang bansa.)

### (6)　住居地の変更

日本に入国された中長期在留者の方は、住居地を定めてから１４日以内に、在留カード（交付されていない方は旅券）を持参の上、住居地を市町役場に届け出てください。

その後、住居地を変更した場合も同様です。

### (7)　氏名等の変更

中長期在留者の方で、氏名、生年月日、性別、国籍・地域を変更したときは、１４日以内に地方入国管理局に届け出てください。

### (8)　所属機関等の変更

中長期在留者の方で、「技術」等の就労資格（「芸術」「宗教」及び「報道」を除く）や「留学」等の学ぶ資格で在留されている方は、その所属機関（会社、学校等）の名称又は所在地の変更等が生じたときは、１４日以内に地方入国管理局に届け出てください。

また、「家族滞在」、「特定活動（ハ）」、「日本人の配偶者等」及び「永住者の配偶者等」の資格で在留されている方は、配偶者と離婚又は死別したときは、１４日以内に地方入国管理局に届け出てください。

### (9)　在留カードの再交付

在留カードを紛失、盗難、滅失、著しい毀損又は汚損等したときは、地方入国管理局に再交付を申請してください。

### (10)　旅券等の携帯、呈示義務

日本に滞在する１６歳以上の外国人の方は、常に旅券又はこれに代わる許可証を携帯していなければなりません。

また、中長期在留者の方は、常に在留カードを携帯していなければならず、この場合は、旅券等を携帯する必要はありません。

なお、警察官などから在留カードや旅券の呈示を求められたときは、呈示しなければなりません。

## (6) Pagbabago sa tirahan o address

Ang isang “middle to long-term resident” ay kinakailangang dalhin ang “residence card” (pasaporte kung wala pa) at iulat sa munisipyo sa loob ng 14 na araw ng pagpasok sa bansa,matapos malaman ang lugar o address na titirhan. Pareho din ang pamamaraan sa susunod na pagbabago ng tirahan o address

## (7) Pagbabago ng Inyong Pangalan atbp

Kung ang isang “middle to long-term resident” ay may pagbabago sa pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian o nasyonalidad, kinakailangang iulat sa opisina ng Imigrasyon pang rehiyonal sa loob ng 14 na araw ng pagbabago.

## (8) Pagbabago ng Organisasyon

Ang “middle to long-term resident” na may bisang pinapayagang magtrabaho tulad ng “engineer” (maliban sa “artist,” “religious activities” at “journalist”) o bisa para mag-aral tulad ng “student” ay kinakailangang iulat sa opisina ng Imigrasyon pang rehiyonal kung magkaroon ang pagbabago sa pangalan o address ng inyong organisasyon (kompanya o paaralan) sa loob ng 14 na araw ng pagbabago.

Gayundin, ang isang dayuhang naninirahan sa bansa ng “bilang visiting relatives,” “designated activities,” “spouse or child of Japanese national” at “spouse or child of permanent resident” ay dapat iulat sa opisina ng Imigrasyon pang rehiyonal sa loob ng 14 na araw kapag makikipaghiwalay o mag-“divorce” sa asawa, o siya ay namatay.

## (9) Re-issue ng Residence Card

Mag-apply para sa pagpapare-issue ng residence card sa oras na ito ay naiwala,nanakaw,nagkaroon ng damage o narumihan.Ireport at mag-apply sa Immigration office.

## (10) Obligasyon sa Pagdadala at Pagpapakita ng Pasaporte atbp

Kailangang palaging dalhin ng isang dayuhang 16 na taong gulang pataas na naninirahan sa bansa ang pasaporte o dokumentong kapalit nito. Gayundin, ang isang “middle to long-term resident” ay kailangang palaging dalhin ang resident card.Hindi na kailangang dalhin ang passport kung dala ang resident card.

Kinakailangang ipakita sa kinauukulan o awtoridad ang residence card o pasaporte sa oras na siya ay hilingan na ito ay ipakita.

※　中長期在留者とは、

日本人と結婚している方や日系人の方（在留資格が「日本人の配偶者等」や「定住者」)、企業等にお勤めの方（在留資格が「技術」や「人文知識・国際業務」など)、技能実習生, 留学生や永住者の方

です。

【 問い合わせ先】
外国人在留総合インフォメーションセンター（平日８：３０～１７：１５）
ＴＥＬ　０５７０－０１３９０４
（ＩＰ電話・ＰＨＳ・海外からは、０３－５７９６－７１１２）

**Ang "Medium to Long-term Resident" ay:**

mga dayuhang may asawang Hapon, Nikkei-jin o may lahing hapon ("spouse or child of Japanese national" o "permanent resident" ang kanilang visa), mga nagtatrabaho sa kompanya sa bansang Hapon (kagaya ng "engineer" o "specialist in humanities / international services" ang kanilang visa), mga technical intern trainee, college student o permanent resident.

> Para sa mga katanungan…
> Immigration Information Center (Weekdays 8:30-17:15)
> TEL No.: **0570-013904**
> (IP Phone, PHS o International call: 03-5796-7112)

## 国際事犯相談電話の御案内

国際事犯相談電話は、
外国人の方からの犯罪被害などに関する相談
を受け付けています。

| | |
|---|---|
| 相談電話 | ☎０５９－２２３－２０３０(FAX兼用) |
| 受付時間 | 月曜日～金曜日（祝 日は除く。）<br>午前９時～午後５時<br>（ＦＡＸは２４時間受け付けています。） |

○　外国語原文による文書相談もできます。
○　緊 急の要件は１１０番に通報してください。

<<三重県警察本部・各警察署の所在地及び電話番号>>

**緊 急の場合は "110 番"**

| 警察署 | 所在地 | 電話番号 |
|---|---|---|
| 三重県警察本部 | 津市栄町 1-100 | 059-222-0110 |
| 桑 名 警 察 署 | 桑名市大字江場 626-2 | 0594-24-0110 |
| いなべ警 察 署 | いなべ市員弁町宇野 320-1 | 0594-84-0110 |
| 四日市北警察署 | 四日市市松原町 4-32 | 059-366-0110 |
| 四日市南警察署 | 四日市市新正 5-5-5 | 059-355-0110 |
| 四日市西警察署 | 三重郡菰野町大字大強原 3241 | 059-394-0110 |
| 亀 山 警 察 署 | 亀山市野村 4-1-27 | 0595-82-0110 |
| 鈴 鹿 警 察 署 | 鈴鹿市江島町 3446 | 059-380-0110 |
| 津　警　察　署 | 津市丸之内 22-1 | 059-213-0110 |
| 津 南 警 察 署 | 津市久居明神町 2501- 1 | 059-254-0110 |
| 松 阪 警 察 署 | 松阪市中央町 366-1 | 0598-53-0110 |
| 大 台 警 察 署 | 多気郡大台町佐原 848 | 0598-84-0110 |
| 伊 勢 警 察 署 | 伊勢市神田久志本町 1481-3 | 0596-20-0110 |
| 鳥 羽 警 察 署 | 鳥羽市松尾町 74-4 | 0599-25-0110 |
| 尾 鷲 警 察 署 | 尾鷲市古戸町 1-50 | 0597-25-0110 |
| 熊 野 警 察 署 | 熊野市井戸町 380 | 0597-88-0110 |
| 紀 宝 警 察 署 | 南牟婁郡紀宝町鵜殿 1709-2 | 0735-33-0110 |
| 伊 賀 警 察 署 | 伊賀市四十九町 1929-1 | 0595-21-0110 |
| 名 張 警 察 署 | 名張市蔵持町芝出 837-3 | 0595-62-0110 |

Numero ng telepono para sa mga insedenteng may kinalaman sa mga dayuhan :

Tumatanggap ng konsultasyon para sa mga dayuhang biktima ng Krimen :

| | |
|---|---|
| Tel no. para sa Konsultasyon : | ☎ at FAX: 059 - 223 - 2030 |
| Oras at Araw ng Opisina | Mula Lunes ～ Biyernes (Maliban sa pista opisyal)<br>Mula alas 9:00 ng umaga ～ 5:00 ng hapon<br>( 24 oras ang pagtanggap ng konsultasyon sa FAX ) |

- ○ Tumatanggap din ng konsultasyon sa FAX na nakasulat sa sariling lengguwahe.
- ○ Para sa emergency o oras ng pangangailangan ay tumawag sa No. 110

**<<**Punong Tanggapan ng Pulisya ng Mie ・ Tel. No. sa bawat Departamento ng Pulisya**>>**

Para sa emergency ay tumawag sa **“ No. 110 “**

| Departamento ng Pulisya | Lugar | Telepono |
|---|---|---|
| Police Headquarters ng Mie | Tsu-Shi Sakae- machi 1-100 | 059-222-0110 |
| Pulisya ng Kuwana | Kuwana-Shi Oaza-Eba 626-2 | 0594-24-0110 |
| Pulisya ng Inabe | Inabe- Shi Inabe-Cho Uno 320-1 | 0594-84-0110 |
| Pulisya ng Yokkaichi Kita | Yokkaichi-Shi Matsubara-Cho 4-32 | 059-366-0110 |
| Pulisya ng Yokkaichi Minami | Yokkaichi-Shi Shinsho 5-5-5 | 059-355-0110 |
| Pulisya ng Yokkaichi Nishi | Mie-gun Komono- Cho Oaza-Gohara 3241 | 059-394-0110 |
| Pulisya ng Kameyama | Kameyama-Shi Nomura 4-1-27 | 0595-82-0110 |
| Pulisya ng Suzuka | Suzuka-Shi Ejima-Cho 3446 | 059-380-0110 |
| Pulisya ng Tsu | Tsu-Shi Marunouchi 22-1 | 059-213-0110 |
| Pulisya ng Tsu Minami | Tsu- Shi Hisaimyojin-Cho 2501-1 | 059-254-0110 |
| Pulisya ng Matsusaka | Matsusaka-Shi Chuo- Cho 366-1 | 0598-53-0110 |
| Pulisya ng Oodai | Taki-Gun Oodai-Cho Sawara 848 | 0598-84-0110 |
| Pulisya ng Ise | Ise-Shi Kodakushimoto-Cho 1481-3 | 0596-20-0110 |
| Pulisya ngToba | Toba-Shi Matsuo-Cho 74-4 | 0599-25-0110 |
| Pulisya ng Owase | Owase-Shi Kodo-Cho 1-50 | 0597-25-0110 |
| Pulisya ng Kumano | Kumano-Shi Ido-Cho 380 | 0597-88-0110 |
| Pulisya ng Kihou | Minamimuro-Gun Kihou-Cho Udono 1709-2 | 0735-33-0110 |
| Pulisya ng Iga | Iga-shi Shijuku-Cho 1929-1 | 0595-21-0110 |
| Pulisya ng Nabari | Nabari-Shi Kuramochi-Cho Shibade 837-3 | 0595-62-0110 |